ANNEX B

Panatang Makabatà

Ako, si (*banggitin ang pangalan*), bílang mamamayang Filipino, ay kinikilala ang kahalagahan ng mga bata sa lipunan.

Dahil dito, ako ay nangangakong isulong, protektahan, igalang, at pangalagaan ang karapatan ng bawat bata, anuman man ang kaniyang kulay, kasarian, lahi, relihiyon, kultura, estado sa búhay, may kapansanan man o wala.

Upang matiyak ang kasiyahan ng mga bata, naniniwala akong nararapat na matamasa nila ang mga ito:

- Maisilang at mabigyan ng sapat na pangangailangan upang mabuhay ng maayos;
- Lumago ang kaalaman, kakayahan at talento;
- Maproteksyunan sa anumang uri ng pang-aabuso, panganib, at karahasan;
- Makalahok sa mga gawain patungkol sa mga bata; at
- Maipagtatanggol at matutulungan ng pamahalaan sa lahat ng panahon.

Sa tulong ng Poong Maykapal, ito ay aking isasapuso at isasagawa ang lahat ng ito dahil ang mga bata ang pag-asa at siyáng magpapaunlad sa ating bayan.

###